

Ulat sa Pagsulong ng Mag-aaral sa Elementarya (Malimit Tanungin)
Para sa mga Magulang/Tagapag-alaga

Pangkalahatan

- Bakit naiba ang tarhetang ulat?
 - Ang tarhetang ulat ay naiba upang ihanay sa ulat sa pagsulong ng mag-aaral sa elementarya sa Common Core State Standards.
- Ano ang layunin ng bagong Ulat ng Pagsulong ng Mag-aaral?
 - Ang bagong ulat ng pagsulong ay nagsasaad kung papaanong natutupad ng inyong mag-aaral ang mga pamantayan sa antas na baitang.
- Anong mga kaalaman ang maipagkakaloob ng bagong kagamitang ito?
 - Ang bagong kagamitang ito ay tatasahin ang mga kakayahan, pamaraan at mga kaisipan sa antas na baitang na nakasaad sa California Content Standards.
- Anong mga antas na baitang ang gagamit sa bagong tarhetang ulat?
 - Gagamitin ito sa TK hanggang ika- 6 na baitang.
- Papaanong ang mga pahina ng Ulat ng Pagsulong ng Mag-aaral gagamitin?
 - Itong pahina ay gagamitin kasama ng Tarhetang Ulat upang ipagkaloob ang mga kaalaman tungkol sa mga pamantayan sa baba't antas na baitang. Ipagkakaloob nito ang mga elemento na pagbabatayan sa pagpasiya sa pagsulong ng inyong mag-aaral.

Palugit

- Kailan isasagawa ang bagong tarhetang ulat?
 - Gagamitin ito sa Mga Ulat ng Pagsulong sa Nobiyembre.

Pagmarka

- Papaano susukatin ang pagsulong ng mag-aaral?
 - Ang mga marka sa baba't panahon ng markahan ay nagsasaad ng pagsulong ng inyong mag-aaral tungo sa mga inaasahan sa puntos na 4-1.
 - Ang ulat ng pagsulong ay nagsasaad kung ang inyong mag-aaral ay:
 - 4 –Lumalabis sa mga inaasahan sa antas na baitang
 - 3- Nagagawa ang mga inaasahan sa antas na baitang
 - 2- Nakaka-abot sa mga inaasahan sa antas na baitang
 - 1- Nagsisimula ang pagsulong sa mga inaasahan sa antas na baitang
- Anong mga ibang aralin ang bibigyan ng marka sa ulat ng pagsulong?
 - Bibigyang marka ang Social, Citizenship and Learning Skills.
- Maaari bang mangyaring ang aking mag-aaral ay Lalabis sa mga inaasahan sa antas na baitang sa unang panahon ng pagmarka?
 - Oo, ang pagsulong ng mag-aaral ay sinusukat sa baba't panahon ng pagmarka. Nang sa gayon ang inyong mag-aaral ay maaaring Lalabis sa mga inaasahan sa unang yugto ng pag-ulat. Ang pag-aaral ay patuloy na nangyayari kung kaya kapag ang inyong mag-aaral ay nagpapakita ng labis na pagsulong sa inaasahan batay sa lalim ng karunungan sa mga kakayahan at kaisipan, sila ay tatanggap ng markang nagsasaad ng gayong resulta.